



Mababasa natin sa MUnang Pagbasa kung paano nakipagkasundo ang bayang Israel kay Yahweh sa pangunguna ni Moises sa pamamagitan ng pagpatay ng mga haing hayop at pagwiwisik ng dugo nito sa mga tao. Kasabay ng kanilang pagsunod sa utos ng Diyos ang paulit-ulit nilang sigaw: “Lahat ng iniuutos ng Panginoon ay susundin namin (Ex 24:3).” Sa pagdating ni Kristo, siya ang naging hain at dakilang tagapamagitan natin sa Diyos. Si Hesus ang naging Dakilang Saserdote ng bagong tipan. Hindi dugo ng mga kambing at bisirong baka ang kanyang dalang handog kundi ang sariling dugo, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan (Heb 9:12). Sa huling hapunan, inialay niya ang kanyang sarili bilang tinapay at alak sa kanyang mga apostol. Ang tinapay at alak, sa tuwing gagawin natin ang pag-aalala sa kanya, ay nagiging tunay na katawan at dugo ni Hesus. Inihabilin niya ang gawaing ito upang sa tuwing inaalala natin siya sa paghahati-hati at pagbabahaginan ng tinapay at alak, naroroon at kasama natin siya! Sa tuwing kakain at iinom tayo ng katawan at dugo ni Kristo, ipinapahayag natin kung sino si Hesus (tgn. 1 Cor 11:26).

Ngunit bakit nga ba tinapay at alak? Hindi ba pwede ang *cookies* at *coke*? Biskwit at *fruit juice*? Bakit sa anyo ng pagsasalo-salo niya inihabilin ang kanyang sarili? Kung titingnan ang kultura ng mga Hudyo, pangkaraniwang pagkain at inumin ang tinapay

KATIPAN



Cl. Vinz Anthony B.
Aurellano, SSP

at alak. Gayundin, para sa kanila, ang pagsasalu-salo ay tanda ng pagkakaisa at pagkakaibigan. Sa ganitong ideya ng pagkain, inumin, at pagsasalu-salo inaalala natin kung sino si Hesus. Si Hesus na karaniwan. Si Hesus na hindi nagpakilala bilang mayaman o makapangyarihan. Si Hesus na mukha ng mga aba at karaniwang tao—ang tinapay at alak na papawi ng kanilang uhaw at gutom sa maghapon. Si Hesus na kasalo sa hapag ng mga taong nawawalan ng direksyon sa buhay at mga makasalanan.

Naalala ko ang tagpo sa isang *community pantry*. Isang supot ng bigas, tatlong itlog, isang mansanas, at *noodles*, iilang tuyo at gulay ang kinuha ng isang lola. Matapos kumuha, iniwan niya ang kanyang

panindang bitso-bitso sa lamesa ng *community pantry*. Sabi niya: “Pag naibenta ko ang bitso-bitsong ito sa maghapon, sapat na ang kinita ko para ibili ng aking mga kinuha dito sa *pantry*.” Ang panindang laan ay tunay ngang ayon sa kanyang makakaya!

Kaugnay ng pag-alala at pagtanggap ng katawan at dugo ni Kristo ang pagiging “katawan at dugo ni Kristo” sa kapwa. Ngayong panahon ng pandemya, marami sa atin ang hindi makatanggap ng Katawan ni Kristo sa banal na komunyong. Marami sa atin ang hindi makapagsimba dahil sa *virus*. Marami ang nakaasa sa mga pagdiriwang ng liturhiya, online. Ngunit huwag sanang mamanglaw ang diwa ng Eukaristiya sa ating buhay. Sa kabila ng masalimuot na sitwasyong ating kinalalagakan, huwag nawa tayong magdalawang-isip ibahagi ang sarili ayon o higit pa sa ating makakaya. Hindi naman kailangan laging pinansyal o pisikal. Maaari na rin namang sumapat ang ating presensya sa ating kapwa. Hayaan nating pukawin tayo ng pagbubukas-loob ng lola sa nasabing *community pantry*. Balikan ang katapatan ng Diyos sa kanyang tipanan sa atin sa katawan at dugo ni Hesus. Balikan ang katapatan ng Diyos sa hapag ng Eukaristiya. Balikan ang kanyang katapatan at pag-ibig. Upang sa ating paggunita, maging kaganapan ng kalooban at katapatan tayo ng Diyos, bilang indibidwal at bilang pamayanan, sa lipunang ating ginagalawan.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Slm 81:16)

(Basahin kung walang pambungad na awit.)

Pinakamabuting trigo ipina-kaing totoo ng Diyos sa mga tao, sarap na kanilang gusto tamis ng pulot sa bato.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus.)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumainyo rin.

Paunang Salita

(Maaring gamitin ito o kahalintulad na pahayag.)

P—Ang Eukaristiya ang siyang bukal at ruok ng ating buhay Kristiyano. Sa Eukaristiya, nagiging handa tayong humarap sa mga hamon sa ating buhay-espirituwal. Sa pamamagitan din nito, naipapahayag nating tayo ay isang tunay na sambayanan ng Diyos. Sa tuwing natitipon tayo sa Eukaristiya, sa tuwing iniaalay natin sa Diyos sa pamamagitan ni Kristo ang lahat ng mga bunga ng ating pagsisikap.

Pagsisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo’y maging marapat gumanap sa banal na pagdiriwang. *(Tumahimik)*

P—Sinugong Tagapagligtas sa mga nagsisi: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Dumating na Tagapag-anya- yang mga makasalana’y magsisi: Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Nakaluklok ka sa kanan ng Diyos Ama para ipamagitan kami: Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaawaan tayo ng makapang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya.

Pinupuri ka namin, dinaralang ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasalamatan ka namin dahil sa dakila mong anking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Jesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Jesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Diyos na totoo at tao namang totoo, Panginoon naming Heskristo, ang Huling Hapunan ay inilagak mo para kami’y magkasalu-salo sa alaala ng iyong pagpapakasakit ukol sa mga tao. Ipagkaloob mo ang aming kahilingang ang iyong Katawan at Dugo ay aming idangal sa pagdiriwang upang ang dulot mong kaligtasan ay lubos naming mapakinabangan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Ex 24:3-8)

(Umupo)

Dugo ang nagpatibay sa unang kasunduan ng Diyos at ng mga Israelita; kasunduang tanda ng kagustuhan ng Diyos na makibahagi sa buhay ng piniling bayan. Nang mapalitan ang kasunduang ito, pinagtibay ni Hesus ang Bagong Kasunduan sa pamamagitan ng kanyang sariling dugo.

Pagbasa mula sa aklat ng Exodo

NOONG mga araw na iyon, lahat ng iniutos ng Panginoon ay sinabi ni Moises sa mga Israelita. Ang mga ito nama’y parang iisang taong sumagot,

“Lahat ng iniutos ng Panginoon ay susundin namin.” Isinulat ni Moises ang lahat ng utos ng Panginoon. Kinabukasan, maagang-maaga siyang nagtayo ng altar sa paanan ng bundok. Nagtayo rin siya ng labindalawang bato, na kumakatawan sa labindalawang lipi ni Israel. Pagkatapos, inutusan niya ang ilang kabataang lalaki na magdala sa altar ng mga handog na susunugin. Sila rin ang inutusan niyang pumatay ng mga hayop na gagamiting handog sa pakikipagtipan sa Panginoon. Ang kalahati ng dugo ng pinatay na hayop ay inilagay niya sa malalaking mangkok at ang kalahati’y ibinuhos niya sa altar. Kinuha niya ang aklat ng tipan at binasa nang malakas. Sabay-sabay namang tumugon ang mga Israelita, “Susundin namin ang lahat ng utos ng Panginoon.”


Pagkatapos, kinuha ni Moises ang mga mangkok ng dugo at winisikan ang mga tao. Sinabi niya, “Ang dugong ito ang siyang katibayan ng pakikipagtanggap ginawa sa inyo ng Panginoon sa pagbibigay sa inyo ng kautusang ito.”

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 115)

T—Sa Panginoong tumubos kalis ng inumi’y handog.



1. Sa Diyos ko’t Panginoon, ano’ng aking ihahandog/ sa lahat ng kabutihan na sa akin ay kaloob?/ Ang handog ko sa dambana, ay inumin na masarap,/ bilang aking pagkilala sa ginawang pagliligtas. **(T)**

2. Masakit sa kalooban ng Poon kung may papanaw,/ kahit ito ay iisa, labis siyang magdaramdam,/ katulad ng aking ina, maglilingkod akong lubos/ yamang ako’y iniligtas, kinalinga, at tinubos. **(T)**

3. Ako ngayo'y maghahandog ng haing pasasalamat,/ ang handog kong panalangiy sa iyo ko ilalagak./ Sa templo sa Jerusalem, ay doon ko ibibigay/ ang anumang pangako kong sa iyo ay binitiwang. (T)

Ikalawang Pagbasa (Heb 9:11-15)

Pinagiging-ganap ng Bagong Tipan ang Lumang Tipan. Lubos na kinalulugdan ng Ama ang pag-aalay ni Hesuskristo. Ang dugo ni Hesus ang pumapawi sa ating mga kasalanan.

Pagbasa mula sa sulat sa mga Hebreo

MGA kapatid, dumating na si Kristo, ang Dakilang Saserdote ng bagong tipan. Siya'y naglilingkod doon sa sambahang lalong dakila at walang katulad, hindi ginawa ng tao, alalaong baga'y wala sa sanlibutang ito. Minsan lamang pumasok si Kristo sa Dakong Kabanal-banalan, at iyo'y sapat na. Hindi dugo ng mga kambing at bisirong baka ang kanyang dalang handog, kundi ang sariling dugo, sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan natin. Ang dugo ng mga kambing at mga toro at ang abo ng dumalagang baka ay iwiniwisik sa mga taong itinuturing na marumi. Sa gayun, sila'y nagiging malinis ayon sa Kautusan. Ngunit higit na di hamak ang magagawa ng dugo ni Kristo. Sa pamamagitan ng walang hanggang Espiritu ay inialay niya sa Diyos ang kanyang sarili na walang kapintasan. Ang kanyang dugo ang lumilinis sa ating puso't isip upang talikdan na natin ang mga gawang walang kabuluhan at paglilingkuran ang Diyos na buhay.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Awit tungkol sa Mabuting Balita *(Maaaring itong ipahayag bago mag-Aleluya)*

B—Pagkaing mula sa langit/ ngayo'y hain sa daigdig./ Handog na kaibig-ibig/ kailanma'y di masasaid./ Paghahai'y inilahad/ nang ialay si Isaac,/ ang korderong nagliligtas,/ ang manna ng nagsilikas./ Pastol naming mapagmahal,/ kami'y iyang kaawaan,/ gawing dapat makinabang sa pagkaing iyong alay/ hanggang langit ay makamtan./ Magagawa mo ang

lahat/ upang tanan ay maligtas,/ akayin mo sa 'yong hapag/ lahat kaming 'yong alagad/ sa buhay mong walang wakas.

Aleluya (Jn 6:51) *(Tumayo)*

B—Aleluya! Aleluya! Pagkaing dulot ay buhay si Hesus na Poong mahal, buhay natin s'ya kailanman. Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita

(Mc 14:12-16, 22-26)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Marcos
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

UNANG araw ng Pista ng Tinapay na Walang Lebadura, araw ng pagpatay ng kordero para sa Paskuwa. Tinanong si Hesus ng kanyang mga alagad, "Saan po ninyo ibig na ipaghanda namin kayo ng Hapunang Pampaskuwa?" Inutusan niya ang dalawa sa kanyang mga alagad, "Pumunta kayo sa bayan. May masasalubong kayong isang lalaki na may dalang isang bangang tubig. Sundan ninyo siya sa bahay na kanyang papasukan at sabihin ninyo sa may-ari, 'Ipinatatanong po ng Guro kung saang silid siya maaaring kumain ng Hapunang Pampaskuwa, kasalo ng kanyang mga alagad.' At ituturo niya sa inyo ang isang malaking silid sa itaas na mayroon nang kagamitan. Doon kayo maghanda para sa atin." Nagtungo sa bayan ang mga alagad at natagpuan nga nila roon ang lahat, gaya ng sinabi niya sa kanila. At inihanda nila ang Hapunang Pampaskuwa.

Samantalang sila'y kumakain, dumampot ng tinapay si Hesus, at matapos magpasalamat sa Diyos ay kanyang pinaghati-hati at ibinigay sa mga alagad. "Kunin ninyo; ito ang aking katawan," wika niya. Hinawakan niya ang kalis, at matapos magpasalamat ay ibinigay sa kanila; at uminom silang lahat. Sinabi niya, "Ito ang aking dugo ng tipan, ang dugong mabubuhos dahil sa marami. Sinasabi ko sa inyo, hindi na ako iinom ng alak na mula sa ubas hanggang sa araw na inumin ko ang bagong alak sa kaharian ng Diyos." Umawit sila ng isang imno, at pagkatapos ay nagtungo sa Bundok ng mga Olibo.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesuskristo.

Homiliya *(Umupo)*

Pagpapahayag ng Pananampalataya *(Tumayo)*

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Jesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat, nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inililing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao, nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Manalangin tayo sa Ama upang ang pagdiriwang natin ng Banal na Eukaristiya ay maging tunay na tanda ng pagkakaisa, pagkapatiran, at pagbabahaginan. Buong-tiwala tayong manalangin:

T—Panginoon, dinggin mo kami.

L—Para sa ating Santo Papa Francisco, mga obispo, mga pari, at mga diyakono: Maging tunay nawa tayong Katawan ni Kristo na handang maghahandog ng sarili para sa iba. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa lahat ng mga Kristiyano: Magkaisa nawa silang lahat bilang isang komunidad na may pagmamahal at pagmamalasakit sa bawat isa. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa mga namumuno sa pamahalaan: Taos-puso nawa silang maglingkod at maging mga tanda ng presensya ng Diyos sa bayan. Manalangin tayo: (T)

L—Para sa mga relihiyoso at relihiyosa: Manatili nawa silang mapagmalasakit sa mga nagu-

gutom at unahin ang kapakanan ng mga mahihirap at mga inaapi. Manalangin tayo: **(T)**

L—Para sa mahal nating mga yumao: Sumapit nawa sila sa maligayang kaluwalhatian ng langit. Manalangin tayo: **(T)**

P—Diyos naming Ama, tinawag mo kami upang magkatipuntipon sa Ekaristiyang ito. Nagpasalamat kami sa kaloob mong sakramento ng aming kaligtasan. Tulungan mo kaming maisabuhay ang kahulugan ng Ekaristiya.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.

B—Amen.

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay (*Tumayo*)

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, bigyan mo ngayon ang iyong sambayanan ng mga kaloob na pagkakaisa at kapayapaan na ipinahihiwatig ng mga alay namin sa paghahaing ipinagdiriwang sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Prepasyo ng Huling Hapunan II

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Noong Huling Hapunan siya'y nakisalo sa kanyang mga alagad bilang alaala ng pagtubos na laging kasalukuyan at walang wakas. Siya ang maamong tupang tumubos sa tanan. Siya ang alay na lubos

mong kinalulugdan. Sa Huling Hapunan kami'y nagsasalo upang ganap kaming mapalapit sa iyo sa pagkakaisa ng lahat ng tao na pawang nananalig sa dakilang pag-ibig mo. Sa pagsasalong ito, kami'y iyong nililingap upang sa iyong Anak kami'y makatulad.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga Hukbo napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo Osana sa kaitaasan. Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon Osana sa kaitaasan! (*Lumuhod*)

Pagbubunyi (*Tumayo*)

B—Sa krus mo at pagkabuhay kami'y natubos mong tunay. Poong Hesus naming mahal, iligtas mo kaming tanan ngayon at magpakailanman.

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinabang (*Lumuhod*)

P—Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyong (Jn 6:57)

“Ang nagsasalo sa buhay ng sariling aking alay sa akin ay mananahan, ako ay makakapisan,” ani Hesukristong mahal.

Panalangin Pagkapakinabang (*Tumayo*)

P—Panginoong Hesukristo, hinihiling naming kami'y gawin mong makasalo nang lubusan sa bunga ng banal na pakikinabang sa iyong buhay na idinudulot sa piging ng paghahain ng iyong Katawa't Dugong banal kasama

ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik*)

Gawaran nawa kayo ng pagpapala ng maawaing Diyos upang lagi ninyong mapahalagahan ang kanyang karunungan nagdudulot ng kaligtasang walang hanggan.

B—Amen.

P—Gawaran nawa ng katatagan ng Diyos ang inyong pananampalataya na nasasalig sa kanyang pagmamahal upang mamalagi kayong nagsisikap gumawa ng kabutihan ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Patnubayan nawa ng Diyos ang inyong paglakad sa daang hahantong sa kanya upang inyong taluntunin ang landas ng pag-ibig at kapayapaang walang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (†) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P - Humayo kayong taglay ang pag-ibig upang ang Diyos ay mahal in at paglingkuran.

B - Salamat sa Diyos.

BE A PRIEST OR A BROTHER OF MASS MEDIA

If you are a Grade 12 student, a college student, or a young professional, male, single, and interested to become a priest or a brother involved in the apostolate of social communication, we invite you to journey with us.

Visit our websites:
ssp.ph or stpauls.ph